3

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter

Linggo 4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

VERSION 1 FOR REFERENCE

**Lingguhang Aralin sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 4**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Development Team**

**Management Team**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

VERSION 1 FOR REFERENCE

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng ideya at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nakikilala ang kahulugan ng mga salita<br>a. magkasingkahulugan<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong **pa**mbata, kuwentong-**bayan,** pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br>c. Nakikilala ang katangian ng tauhan | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>b. salitang naglalarawan<br>• **sa** paraan, panahon, at pinangyarihan ng kilos<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita | Nakikilala ang kahulugan ng mga salita<br>a. magkasingkahulugan<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong pambata, kuwentong-**bayan,** pabula, alamat, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br>c. Nakikilala ang katangian ng tauhan | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>b. salitang naglalarawan<br>• sa p**araan, panahon, at pinangyarihan ng** kilos<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | d. Naibibigay ang suliranin at solusyon<br>e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br>f. Naibibigay ang sanhi at bunga<br>i. Naiuugnay ang sariling karanasan sa k**uwento**<br>**j. Natutukoy ang nagsasalaysay sa** teksto<br><br>Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br>a. sarili at bansa | d. Naibibigay ang suliranin at solusyon<br>e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br>f. Naibibigay ang sanhi at **bunga**<br>**g. Naibibigay ang posibleng** wakas<br>i. Naiuugnay ang sariling karanasan sa kuwento<br>j. Natutukoy ang nagsasalaysay sa teksto<br><br>Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br>a. sarili at bansa |
| *D. Mga Layunin* | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Makilala ang kahulugan ng mga salita -magkasingkahulugan<br>2. Munawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong-**bayan**) | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salita na high frequency tungkol sa-sarili at bansa<br>2. Matukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto-salitang naglalarawan **sa** paraan, panahon, | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Makilala ang kahulugan ng mga salita -magkasingkahulugan<br>2. Munawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong-**bayan**) | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salita na high frequency tungkol sa-sarili at bansa<br>2. Matukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto-salitang naglalarawan **sa** paraan, panahon, at |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **-matukoy ang nagsasalaysay sa** teksto<br>3. Makabuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br>4. Makabasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | at pinangyarihan ng kilos<br>3. Mabasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>4. Maisulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br>5. Makabuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa | **-maibigay ang posibleng wakas**<br>3. Makabuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br>4. Makabasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | pinangyarihan ng kilos<br>3. Mabasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>4. Maisulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br>5. Makabuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa |
| *E. Integrasyon* | Makabansa- sikat na lugar sa Filipinas; anyong lupa | GMRC- Pagtulong sa kapuwa | GMRC- Pagtulong sa kapuwa | GMRC- Pagtulong sa kapuwa |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | • kuwentong bayan<br>• pagsulat ng talata<br>• pagtukoy ng kahulugan ng mga salita<br>• pagbasa nang may tatas | • kuwentong bayan<br>• pagsulat ng talata<br>• pagtukoy ng kahulugan ng mga salita<br>• pagbasa nang may tatas<br>• pagbasa ng high-frequency words | • kuwentong bayan<br>• pagsulat ng talata<br>• pagtukoy ng kahulugan ng mga salita<br>• pagbasa nang may tatas<br>• pagbasa ng high-frequency words | • kuwentong bayan<br>• pagsulat ng talata<br>• pagtukoy ng kahulugan ng mga salita<br>• pagbasa nang may tatas |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | • Si Maria Makiling Muling isinalaysay ni Sierra Mae Paraan, Inedit ni Pia Zorayda Businos, Guhit ni | Si Maria Makiling Muling isinalaysay ni Sierra Mae Paraan, Inedit ni Pia Zorayda Businos, Guhit ni Jericho Moral https://earlygradelearning | Si Maria Makiling Muling isinalaysay ni Sierra Mae Paraan, Inedit ni Pia Zorayda Businos, Guhit ni Jericho Moral https://earlygradelearning | Si Maria Makiling Muling isinalaysay ni Sierra Mae Paraan, Inedit ni Pia Zorayda Businos, Guhit ni Jericho Moral https://earlygradelearning |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Jericho Moral https://earlygradelearninghub.org/file?key=si-maria-makiling<br>• Impormasyon tungkol sa Bundok Makiling mula sa NCCA https://www.flickr.com/photos/nccaofficial/18410226086 | hub.org/file?key=si-maria-makiling | hub.org/file?key=si-maria-makiling | hub.org/file?key=si-maria-makiling |
| *B. Iba pang Kagamitan* | mga larawan ng Bundok Makiling, papel, panulat, worksheet | papel, panulat, worksheet | LAS worksheet, papel, panulat, worksheet | papel, panulat, worksheet |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Ang Bundok Makiling**<br>Magpakita ng mga larawan ng Bundok Makiling. Ipaliwanag na ito ay makikita sa lalawigan ng Laguna sa Luzon. Maraming puno at halaman sa Makiling, at tirahan ito ng mga ilahas na hayop o wildlife.<br><br>Sabihin na maraming maalamat na kuwento | **Balik-aral ng unang bahagi ng kuwento**<br>Itanong sa klase kung ano ang nangyari sa unang bahagi ng kuwentong 'Si Maria Makiling' na tinalakay noong Day 1. | **Sinong may sabi?**<br>Balikan ang kuwentong binasa noong Day 2. Isa-isang ipabasa sa mga bata nang may tatas ang ilan sa mga linya ng mga tauhan sa 'Si Maria Makiling'. Ipahula sa kanila kung sino ang may sabi ng linya.<br>Halimbawa:<br>• "Tiyak na matutuwa si Leona sa iuuwi ko."<br>• Sa akin ang baboy-ramo. Gusto mo bang kumain kaya mo ito hinuhuli?" | **Muling isalaysay**<br>Itanong sa klase kung ano ang nangyari sa ika-3 at ika-4 na bahagi ng kuwentong 'Si Maria Makiling' na tinalakay noong Day 3. |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | tungkol sa bundok na ito. Ang isang halimbawa ay ang tungkol kay Maria Makiling na pinaniniwalaang tagabantay ng bundok. | | • "Gardo! Saan mo ito nakuha?" | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Ngayong araw, tayo ay magbabasa ng kuwentong bayan, makikilala ang kahulugan ng mga salitang magkasingkahulugan, tutukuyin ang ang nagsasalaysay sa teksto, magsusulat ng maigsing talata, at magbabasa nang may tatas. | Ngayong araw, tayo ay gagamit ng mga salita na high frequency tungkol sa-sarili at bansa, tutukuyin ang kahulugan ng mga salitang naglalarawan ayon sa konteksto, magbabasa nang wasto, at magsusulat ng talata. | Ngayong araw, tayo ay magbabasa ng kuwentong bayan, makikilala ang kahulugan ng mga salitang magkasingkahulugan, magbibigay ng posibleng wakas sa teksto, magsusulat ng maigsing talata, at magbabasa nang may tatas. | Ngayong araw, tayo ay gagamit ng mga salita na high frequency tungkol sa-sarili at bansa, tutukuyin ang kahulugan ng mga salitang naglalarawan ayon sa konteksto, magbabasa nang wasto, at magsusulat ng talata. |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Kasingkahulugan**<br>Sabihin sa klase na may mga salitang hindi pamilyar sa kuwentong babasahin. Pahulaan sa kanila ang kasingkahulugan ng mga bagong salita.<br><br>1. nakausli<br>Pinaalalahanan si Zosimo ng kaniyang lola na mag-ingat sa mga bakal na nakausli sa ginagawang gusali na kaniyang daraanan.<br>Ano ang ibig sabihin ng nakausli? | **Tingnan ang konteksto**<br>Tulungan ang klase na maunawaan ang kahulugan ng ilan sa mga <u>salitang naglalarawan</u> na matatagpuan sa ikalawang bahagi ng kuwento. Gumamit ng <u>konteksto</u> o context clues bilang gabay sa pagtukoy ng kahulugan ng mga saita.<br><br>Sabihin:<br>*Kapag may salita sa ating binasa na hindi natin alam ang kahulugan, maaai nating tingnan ang iba pang salita sa pangungusap. Baka may* | **Hanapin ang kapares**<br>Ipaliwanag ang ibig sabihin ng mga bagong salita na matatagpuan sa ika-3 at ika-4 na bahagi ng kuwento. Gumamit ng salitang kasingkahulugan.<br>1. milagro<br>Milagro na nakaligtas ang lahat ng pasahero ng bus na nahulog mula sa napakataas na bangin.<br>Ano ang ibig sabihin ng milagro?<br>a. sigurado<br>b. himala<br>c. panganib | **Iguhit ang salita**<br>Ipaliwanag ang kahulugan ng ilan sa mga <u>salitang naglalarawan</u> na matatagpuan sa wakas ng kuwento gamit ang <u>konteksto</u> o context clues. Ipaguhit sa mga bata kung ano sa kanilang palagay ang ibig sabihin ng salita.<br>Sabihin:<br>*Natutuhan natin noong Day 2 na kapag may salita sa ating binasa na hindi natin alam ang kahulugan, maaai nating tingnan ang iba pang salita sa pangungusap. Baka may 'clue' sa pangungusap na* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | a. nakalitaw<br>b. nakatago<br>c. nakadikit<br><br>2. tinahak<br>Tinahak ko ang ibang ruta pauwi sa bahay dahil trapik sa kabilang kalsada.<br><br>Ano ang ibig sabihin ng tinahak?<br>d. binisita<br>e. nilagpasan<br>f. dinaanan<br><br>3. napangiwi<br>Dahil sa lungkot ay napangiwi si Kristel nang sabihin ng kaniyang nanay na hindi matutuloy ang kanilang pamamasyal sa linggo.<br><br>a. napatabingi ang bibig<br>b. napangiti<br>c. napanganga<br><br>Pagkatapos ipaliwanag ang kahulugan, tumawag ng ilang mga bata upang gamitin sa pangungusap ang mga bagong salita. | *‘clue’ sa pangungusap na makatutulong para malaman natin ang ibig sabihin ng bagong salita.*<br>*Subukin nating alamin ang kahulugan ng mga sumusunod:*<br><br>malakas ang loob<br>malumanay<br>nanlaki ang mga mata<br><br>*1. malakas ang loob*<br>Mahusay lumangoy si Erika kaya malakas ang loob niyang sumisid sa malalim na dagat.<br><br>*Ano kayang kahulugan ng ‘malakas ang loob’? Anong ‘clue’ ang nasa pangungusap na makakatulong para malaman natin ang ibig sabihin nito. Hmmm… Binanggit sa pangungusap na mahusay lumangoy si Erika. Dahil dito ay malakas ang loob niyang sumisid kahit malalim ang dagat. Hindi siya takot. Ang kahulugan ng ‘malakas ang loob’ ay <u>hindi natatakot sa</u>* | 2. puweblo<br>Maraming puno at halaman sa puweblo kung saan nakatira ang aking lolo at lola.<br><br>Ano ang ibig sabihin ng puweblo?<br>a. bahay<br>b. bayan<br>c. paaralan<br><br>3. nagdadalawang-isip<br>Nagdadalawang-isip si Loren na sumali sa paligsahan dahil hindi pa siya nakapag-ensayo.<br><br>Ano ang ibig sabihin ng nagdadalawang-isip?<br>a. nag-aalinlangan<br>b. nagbibilang<br>c. nag-aaral<br><br>Pagkatapos ipaliwanag ang kahulugan, tumawag ng ilang mga bata upang gamitin sa pangungusap ang mga bagong salita. | *makatutulong para malaman natin ang ibig sabihin ng bagong salita.*<br>*May mga salita akong babanggitin. Gamitin ninyo ang konteksto sa pangungusap para malaman ang ibig sabihin nito. Ipakita ninyo ang inyong sagot sa pamamagitan ng mabilisang pagguhit. Bibigyan ko kayo ng 1 minuto kada salita upang gumuhit.*<br><br>*1. paanan ng bundok*<br>*Nagpaiwan si Roger sa paanan ng bundok dahil nakakapagod umakyat.*<br><br>*Anong ‘clue’ ang nasa pangungusap para matulungan tayo sa kahulugan ng ‘paanan ng bundok’? Tama, sinabi sa pangungusap na nagpaiwan si Andy para hindi siya aakyat ng bundok. Saang bahagi ng bundok ninyo siya iginuhit? Mahusay! Siya ay nasa <u>pinakamababang bahagi ng bundok</u>. Kagaya ito ng katawan ng tao na ang paa ang nasa pinaka ibaba.* |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | <u>*panganib at may kumpiyansa sa sarili.*</u><br><br>*2. malumanay*<br>Kahit nagmamadali nang umalis para sa susunod na klase, malumanay pa ring ipinaliwanag ng guro ang takdang aralin para lubos itong maintindihan ng mga bata.<br>*Anong ibig sabihin ng 'malumanay'? Titingnan ko ang 'clue' sa pangungusap. Sinabi sa pangungusap na nagmamadali ang guro pero malumanay ang kaniyang paliwanag. Ang taong nagmamadali ay mabilis magsalita, pero iba ang ginawa ng guro dahil gusto niyang maipaliwanag nang mabuti sa mga bata ang takdang aralin. Alam ko na! Ang kahuligan ng malumanay ay <u>dahan-dahan at maingat</u>.*<br><br>*3. nanlaki ang mga mata*<br>*Nanlaki ang mga mata ni Brian nang makita ang* | | *2. lupaypay*<br>*Lupaypay ang katawan nina Andy at Alan nang makarating sa tuktok ng bundok dahil napakatarik at napakalayo ng kanilang nilakad.*<br>*Anong 'clue' ang nasa pangungusap para matulungan tayo sa kahulugan ng 'lupaypay'? Oo, sinabing napakatarik at napakalayo ng kanilang nilakad. Paano ninyo iginuhit sina Andy at Alan para ipakita ang kahulugan ng lupaypay? Tama! Sila ay <u>nanghihina, at laylay ang mga bisig at binti</u>.*<br><br>*3. tagaktak*<br>*Tagaktak ang pawis ng magkaibigang umakyat sa mataas na bundok kaya basang basa ang kanilang damit.*<br>*Anong 'clue' ang nasa pangungusap para matulungan tayo sa kahulugan ng 'tagaktak'? Mahusay! Inilarawan nito ang pawis ng magkaibigan* |

VERSION 1 FOR REFERENCE


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | *sorpresang regalo galing sa kaniyang tatay.*<br><br>*Ano kayang kahulugan ng 'nanlaki ang mga mata'? Ang 'clue' sa pangungusap ay sorpresa ang regalong nakita ni Jasmin. Hindi niya ito inaasahan. Hmmm… Ah! Ang ibig sabihin ng 'nanlaki ang mga mata' ay nagulat o nabigla.*<br><br>Pagkatapos ipaliwanag ang kahulugan, tumawag ng ilang mga bata upang gamitin sa pangungusap ang mga bagong salita. | | *at sinabi din sa pangungusap na basang basa ang kanilang damit. Paano ninyo iginuhit ang pawis ng magkaibigan para ipakita ang kahulugan ng tagaktak? Tama! Sunod-sunod at malalaki ang patak ng pawis nila.*<br><br>Pagkatapos ng gawaing pagguhit, tumawag ng ilang mga bata upang gamitin sa pangungusap ang mga bagong salita. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | **Unang bahagi**<br>Basahin ang unang bahagi ng 'Si Maria Makiling' (pahina 1-4) nang dalawang beses.<br><br>Read Aloud<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>● Motivation question: *Nakaranas na ba kayo ng bagyo? Ano ang naging epekto ng bagyo sa inyong lugar?* | **Ikalawang bahagi**<br>Ipabasa sa klasa ang ikalawang bahagi ng kuwentong 'Si Maria Makiling' (pahina 6-15).<br><br>Trio reading<br>Bigyan ang bawat bata ng kopya ng aklat. Hatiin sila sa maliliit na pangkat na may tig-tatatlong miyembro. Maaaring isama ang batang mabilis nang magbasa sa mga batang nagsisimula pa lamang magbasa. | **ika-3 at ika- 4 na bahagi**<br>Basahin sa klase ang ika-3 at ika-4 na bahagi ng kuwentong 'Si Maria Makiling' (pahina 17-20).<br><br>Shared reading<br>Hikayatin ang mga bata na sumabay sa pagbabasa ng guro. Maaaring pumili ng ilang talata sa kuwento kung saan sasabay sila sa pagbasa.<br><br>***Paalala: Hanggang pahina 20 lamang ang babasahin sa araw na ito.** | **Katapusan ng ika-4 na bahagi**<br>Basahin ang katapusan ng ika-4 na bahagi ng kuwentong 'Si Maria Makiling' (pahina 21).<br><br>Read Aloud<br>Basahin ang kuwento sa klase at sabihan ang mga bata na makinig.<br><br>Choral Reading<br>Pagkatapos magbasa ng guro, sabihin sa klase na sila naman ang magbabasa ng pahina 21. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Motive question: *Ano kaya ang epekto ng bagyo sa lugar kung saan nakatira ang tauhan sa kuwento?*<br>Basahin ang kuwento sa klase at sabihan ang mga bata na makinig.<br><br><u>Choral Reading</u><br>Pagkatapos magbasa ng guro, sabihin sa klase na sila naman ang magbabasa ng pahina 1-4. Hatiin ang klase sa apat na pangkat. Magtalaga ng isang pangkat na magbabasa ng bawat pahina. Ipaalala sa klase na magbasa nang may tamang damdamin at tamang bilis. | | **Ang huling pahina ay bukas pa babasahin.** | Hatiin ang klase sa atatlong pangkat. Magtalaga ng isang pangkat na magbabasa ng bawat talata. Ipaalala sa klase na magbasa nang may tamang damdamin at tamang bilis. |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **Pag-usapan natin**<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Sino-sino ang mga tauhan sa kuwento? (Ang mga tauhan ay ang mag-asawang sina Gardo ay Leona.)<br>2. Anong nangyari sa baryo nila? (Bumagyo sa baryo nila.) | **Anong nangyari?**<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Ano ang nakita ni Gardo at siya ay napanganga? (Naglaho ang mga natumbang puno at nagkalat ng sanga. Parang hindi dinaanan ng bagyo ang kagubatan.)<br>2. Ano ang naisip ni Gardo na dahilan | **Tanungan**<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Sino-sino ang mga pangunahing tauhan sa kuwento. (Ang mga tauhan ay sina Julio at Ragul.)<br>2. Ano ang narinig nilang sinabi ng batang kabababa lamang galing sa Bundok Makiling? (Tinulungan ng | **Wakas**<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>1. Nakaligtas ba sina Julie at Ragul mula sa anino? (Oo. Bumaba sila sa puno nang umalis na ito.)<br>2. Ano kaya ang naramdaman nila? (Sila ay pagod na pagod at takot na takot.) |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 3. Anong epekto ng bagyo sa kanilang baryo? (Basa ng ulan ang ang buong bahay. Nasira ang kanilang mga pananim.)<br>4. Anong ginawa ni Gardo matapos dumaan ng bagyo? (Umakyat siya sa Makiling upang humanap ng bunga na ibebenta s bayan).<br>5. Ano kayang naramdaman ni Leona sa pag-alis ni Gardo? (Nalungkot at nag-alala siya dahil malayo at mataas ang makiling.)<br>6. Anong nangyari kay gardo sa bundok tuwing lalapit siya sa puno o tanim? (Palagi itong walang bunga.)<br>7. Bakit biglang napangiti si Gardo? (May nakita siyang bukal.)<br>8. Anong ginawa niya sa bukal? (Naghilamos siya at pumikit para | nito? (Naisip niya na gawa ito ng engkanto.)<br>3. Anong nilalang ang nakita nita ni Gardo sa bukal? (May nakita siyang matabang baboy-ramo.)<br>4. Anong sibubukang gawin ni Gardi sa baboy-ramo? (Tinangka niyang hulihin ito.)<br>5. Saan siya nakarating sa paghabol sa baboy-ramo? (Nakarating siya sa isang maiit na kubo.<br>6. Sino ang nakilala niya doon? (Nakilala niya ang isang magandang dalaga na mahaba ang buhok.)<br>7. Sa iyong palagay, sino kaya ang dalagang ito?(Siya siguro si Maria Makiling.)<br>8. Ano ang ibinigay ng dalaga kay Gardo?(Binigyan siya ng malamig na tubig at masarap na kamote. | bata ang sugatang ibon. Naging magandang babae ang ibon at binigyan siya ng mga piraso ng luya. Pagdating sabaryo, naging perlas at ginto ang mga ito.)<br>3. Anong ginawa nina Julio at Ragul para mapatunayan kung totoo ang sinasabi ng bata? (Umakyat sila sa bundok para mangaso.)<br>4. Sino ang nakasalubong nila? (Nakasalubong sila ng matandang babae na humingi ng singko.)<br>5. Anong ginawa ng magkaibigan sa matanda? (Pinagtawanan nila siya at hindi tinulungan.)<br>6. Kung kayo sina Julio at Ragul, gagawin din ba ninyo ang ginawa nila sa matanda? (Hindi. Mali ang pagtawanan ang mga nangangailangan. | 3. Ano ang ginawa nila kinabukasan? (Ikinuwento nila sa iba ang kanilang nakakatakot na naranasan.)<br>4. Sa inyong palagay ano kayang pagbabago ang mangyayari sa magkaibigan matapos ang nangyari sa kanila sa gubat? (Marahil ay hindi na sila babalik doon. Baka maging matulungin na sila sa kapuwa at hindi na uulitin ang ginawa nila sa matanda sa gubat.)<br>5. Mayroon din ba kayong na kuwento? Ano ang nangyari? (Iba't iba ang sagot.) |


VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | namnamin ang lamig ng tubig.)<br>9. Anong nangyari nang dumilat si Gardo? (Bigla siyang napanganga.)<br>10. Ano kayang nakita ni Gardo at siya ay napanganga? (Iba't iba ang posibleng sagot.) | Pinabaunan din siya ng kamote.)<br>9. Anong nangyari sa mga kamote ni Gardo kinabukasan? (Wala na ito sa sisidlan ni Gardo. Sa halip puno na ito ng ginto.)<br>10. Bakit kaya binigyan ng ginto ng dalaga si Gardo?<br>11. Kung ikaw si Gardo, paano mo gagamitin sa kabutihan ang gintong mula sa dalaga? | Bagkos ay dapat silang tulungan.)<br>7. Ano ang biglang narinig ng magkaibigan? (Umalingawngaw ang malakas na panaaghoy.)<br>8. Ano ang sunod nilang nakita? (May dalawang dambuhalang anino na tumatabo papunta sa kanila.)<br>9. Ano ang ginawa nila nang makita ang dambuhalang anino? (Tumakbo sila nang mabilis at umakyat sa mataas na puno.)<br>10. Ano kayang mangyayari kina Julio at Ragul sa katapusan ng kuwento? (Iba't iba ang maaaring sagot). | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **Sino ang tagapagsalaysay?**<br>Ipaliwanag sa kalse kung paano natutukoy ang tagapagsalaysay sa kuwento.<br><br>Sabihin: | **Ang ang aking gagawin sa ginto?**<br>Ipasulat sa bawat bata ang kanilang sagot sa tanong na 'Kung ikaw si Gardo, paano mo gagamitin sa kabutihan ang gintong mula sa dalaga?' Ang kanilang | **Ano kaya ang katapusan?**<br>Bawat isang bata ay bigyan ng LAS worksheet tungkol sa posibleng katapusan ng kuwento. Dalawang senaryo ang kanilang isusulat. Ang una ay masayang | **Nakakatakot na kuwento**<br>Ipasulat sa klase ang nakakatakot na kuwento na kanilang naranasan. Kung wala silang ganitong karanasan ay puwede silang sumulat ng kathang isip. Paalalahanan sila na magsulat ng talatang may |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Kapag nagbabasa ng kuwento, mas mauunawaan natin ito kung ating tutukuyin kung sino ang tagapagsalaysay. Ang tagapagsalaysay ay maaring isa sa mga tauhan o isang taong walang relasyon sa tauhan.*<br><br>*Kung isa sa mga tauhan ang tagapagsalaysay, ang panghalip na ginagamit sa pagkukuwento ay 'ako'.*<br><br>*Kung isang taong walang relasyon sa tauhan ang tagapagsalaysay, ang panghalip na ginagamit sa pagkukuwemnto ay 'siya'.*<br><br>*Sa kuwentong binasa natin, sino kaya ang tagapagsalaysay? Tama, isang taong walang relasyon sa tauhan ang nagsasalaysay sa "Si Maria Makiling". 'Siya' ang ginamit na panghalip sa pahkukuwento.*<br><br>Maaaring balikan ang mga binasang kuwento noong mga nakaraang linggo at itanong sa klase kung sino ang tagapagsalaysay ng | talata ay kailangang may 3-5 pangungusap.<br><br>Ang Aking Gagawin sa Ginto<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | katapusan o happy ending, at ang pangalawa naman ay malungkot na katapusan o sad ending. Paalalahanan sila na magsulat ng 3-5 pangungusap sa bawat talata.<br><br>Wakas ng Kuwento<br><br>Masayang Katapusan<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br><br>Malungkot na Katapusan<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | 3-5 pangungusap. Makikita ang worksheet sa pahina 23 ng aklat.<br><br>Skill Builder 5<br>**Gawain:** Mayroon din ba kayong nakakatakot na kuwento? Ikuwento ito sa katabi ninyo. Pagkatapos, gumawa ng maikling salaysay batay sa napag-usapan ninyo. Isulat ang kuwento sa papel o kuwaderno. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | iba pang aklat na binasa sa klase. | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | *Kapag nagbabasa ng kuwento, mas mauunawaan natin ito kung ating tutukuyin kung sino ang tagapagsalaysay. Kung isa sa mga tauhan ang tagapagsalaysay, ang panghalip na ginagamit sa pagkukuwento ay _____.*<br>*Kung isang taong walang relasyon sa tauhan ang tagapagsalaysay, ang panghalip na ginagamit sa pagkukuwemnto ay ____.* | *Tandaan, magpasalamat tayo sa magagandang bagay na nangyayari sa atin. Ipasa sa iba ang kabutihang ating natatanggap sa pamamagitan ng pagtulong sa kapuwa.* | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Ang nakita ni Gardo**<br>Ipaguhit sa bawat bata ang sagot sa tanong na 'Ano kayang nakita ni Gardo at siya ay napanganga?' Atasan din silang sumulat ng talata na may 3-5 pangungusap tungkol sa kanilang iginuhit. Makikita ang worksheet sa pahina 5 ng aklat. | **Pagsasadula**<br>Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Ibabahagi ng bawat miyembro sa pangkat ang kaniliang isinulat sa worksheet. Pagkatapos, mula sa kanilang mga sagot sa tanong ay pipili sila ng isa upang ibahagi sa klase sa pamamagitan ng pagsasadula. | **Bahaginan**<br>Atasan ang bawat bata na ibahagi sa kanilang katabi ang posibleng katapusan ng kuwento na kanilang isinulat. | **Tukuyin ang kahulugan**<br>malakas ang loob<br>malumanay<br>nanlaki ang mga mata<br>tagaktak<br>paanan ng bundok<br>lupaypay |

VERSION 1 FOR REFERENCE

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>Skill Builder 1<br>**Gawain:** Iguhit ang sagot sa tanong. Ilarawan o ipaliwanag ang iginuhit sa tatlo o limang pangungusap.<br>***Ano kaya ang nakita ni Gardo at siya ay napanganga?***<br>Iguhit sa iyong kuwaderno o papel ang sagot. | | | |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | **Pagsasaliksik**<br>Magsaliksik tungkol sa Bundok Makiling. Isulat ang tatlong bagong impormasyon na natuklasan tungkol dito. | **Ikuwento sa Pamilya**<br>Ipakuwento sa mga bata ang una at ika-2 bahagi ng 'Si Maria Makiling' sa kanilang mga kasama sa tahanan. | **Tandaan ang bagong salita**<br>Bigyan ang bata ng kopya ng mga bagong salitang tinalakay ngayong linggo upang pag-aralan ang wastong pagbasa at ang kahulugan ng mga ito.. | **Rebisyon**<br>Maglaan ng oras upang basahin muli ng klase ang kanilang mga isinulat. Maaari nilang baguhin at dagdagan ito upang mas mapaganda ang kanilang komposisyon. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: Nirebyu ni: Pinagtibay ni:

Guro

Master Teacher / Head Teacher

School Head

VERSION 1 FOR REFERENCE